

GABAY NG MAUI SA KALIDAD NG HANGIN NG MGA WILDFIRE PARA SA POLUSYON NG PARTIKULO

Ang mapaminsalang polusyon ng partikulo ay isa sa pinakakaraniwang problema ng ating bansa sa kalidad ng hangin. Gamitin ang tsart sa ibaba para makatulong na bawasan ang iyong pagkahantad sa partikulo at mapaminsalang mga sangkap sa mga ito. Makakatulong itong protektahan ang iyong kalusugan. Kabilang sa Index ng Kalidad ng Hangin (AQI) ang mga kategorya at kulay ng AQI, mga katumbas na halaga ng index at mga nagbababalang pahayag para sa iba't ibang antas ng alalahanin sa kalusugan. Ipinapakita ng AQI ang kalidad ng hangin para sa isang partikular na lugar. Kung nasa paligid ka ng abo na maaaring mabulabog ng hangin o panggugulo ng tao, maaaring mas malala ang kalidad ng hangin sa iyong paligid, kaya laging gumamit ng personal na kagamitang pamproteksyon (PPE). Bisitahin ang [AirNow.gov](https://www.airnow.gov) para sa lokal na kalidad ng hangin at ang [webpage ng Partikulo ng Polusyon ng CDC](#) para malaman ang higit pa tungkol sa kung paano poprotektahan ang iyong sarili.

* Tandaan: Kung wala kang air conditioner, maaaring mapanganib ang pananatili sa loob ng bahay nang nakasara ang mga bintana sa sobrang mainit na panahon. Kung naiinitan ka, pumunta sa isang lugar na may air conditioning o makipag-ugnayan sa iyong lokal na pamahalaan para malaman kung may magagamit na mga sentro ng palamigan sa iyong komunidad.

Index ng Kalidad ng Hangin		
Kategorya ng AQI at Kulay	Halaga ng Index	Paglalarawan at Kalidad ng Hangin
Maganda	0 hanggang 50	Sapat ang kalidad ng hangin, at nagdudulot ng kaunti o walang panganib ang polusyon sa hangin
Berde		
KATAMTAMAN	51-100	Katanggap-tanggap ang kalidad ng hangin. Subalit, maaaring mayroong panganib para sa ilang tao, lalo na sa mga hindi pangkaraniwang sensitibo sa polusyon sa hangin
Dilaw		
Hindi Nakakabuti para sa mga Sensitibong Grupo	101-150	Ang mga miyembro ng mga sensitibong grupo ay maaaring makaranas ng mga epekto sa kalusugan. Malabong maaapektuhan ang pangkalahatang publiko
Kulay kahel		
Hindi nakakabuti	151-200	Ang ilang miyembro ng pangkalahatang publiko ay maaaring makaranas ng mga epekto sa kalusugan; ang mga miyembro ng mga sensitibong grupo ay maaaring makaranas ng mas malubhang epekto sa kalusugan.
Pula		
Lubhang hindi nakakabuti	201-300	Alerto sa kalusugan: Ang panganib ng mga epekto sa kalusugan ay tumaas para sa lahat.
Lila		
Mapanganib	301 hanggang 500	Babala sa kalusugan ng mga emerhensiyang kondisyon; malaking tsansa na maaapektuhan ang lahat.
Maroon		